Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Ang Pag-ulat ng Iyong mga Kita sa Social Security



## Ano ang mga kita?

Ang mga kita ay mga sahod at mga **suweldo** mula sa self-employment (sariling empleyo) na nakukuha mo sa pagtratrabaho.

## Dapat ko bang iulat ang aking mga kita sa Social Security?

Oo. Kung ikaw ay nagtratrabaho at tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI, dapat mong iulat ang iyong mga kita. Kung ikaw ay may isang **kinatawan na tatanggap ng bayad**, dapat iulat ng iyong **kinatawan na tatanggap ng bayad** ang iyong mga kita.

## Kailangan ko bang iulat ang mga kita ng sinumang iba?

Oo. Minsan ay dapat mong iulat ang mga kita ng sinumang iba.

Eto ang ilang mga halimbawa:

- ang iyong asawa ay nagtratrabaho at kasama mo sa tahanan;
- ang (mga) magulang ng bata ay nagtratrabaho at kasama ng bata sa tahanan; o
- ikaw ay di-mamamayan at may isponsor, at ang isponsor mo ay may mga kita (kahit na ang iyong isponsor ay hindi mo kasama sa tahanan).

## Anong mga ispesipikong impormasyon sa kita ang dapat kong iulat?

Kailangan mong iulat ang mga sumusunod:

- mga buwanang sahod na walang bawas (ang halaga bago ibawas ang taxes o iba pang mga ibinabawas);
- kung ikaw ay nagsimula o tumigil sa pagtratrabaho;
- mga pagtaas o pagbaba sa iyong mga sahod o suweldo sa self-employment;
- kung ikaw ay nagsimula o tumigil sa isang pangalawa o pangatlong trabaho;
- mga gastos sa trabaho na may kinalaman sa iyong kapansanan; at
- kung ikaw ay bulag, anumang mga gastos sa trabaho.

## Anong impormasyon sa mga kita ang kailangang makita ng Social Security?

Kailangan naming makita:

- ang bawat pay stub, kabilang ang pay stubs para sa overtime, mga bakasyon, at mga bonus;
- kung self-employed, mga kopya ng iyong Federal Income Tax Forms Schedule SE, Schedule C, Schedule C–EZ, o Schedule F;
- mga resibo para sa mga gastos sa trabaho na may kinalaman sa iyong kapansanan;
- if you are blind, receipts for any work expense; and
- mga resibo para sa mga gastos na binarayan upang maabot ang iyong **Plans to Achieve Self–Support** (PASS) na layunin sa trabaho.

Bibigyan ka naming ng isang. “Your Supplemental Security Income (SSI). Folder” upang tulungan kang irekord ang mga bagay na kailangan naming makita (Halimbawa pay stubs.

## Kailan ko iuulat ang mga kita?

Kapag ikaw ay nagsimula o tumigil sa pagtratrabaho o kapag may pagbabago sa iyong mga kita, kailangan mong iulat kaagad ang impormasyong ito.

Ang impormasyong ito ay dapat iulat bago ng **ika-10** araw ng buwan matapos ng buwan ng pagbabago. Halimbawa, kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI at nagsimulang magtrabaho sa ika-22 ng Mayo, dapat mong iulat ang impormasyong ito bago ng **ika-10** ng Hunyo.

## Paano ko iuulat ang mga kita?

Maaari mo kaming tawagan sa **1–800–772–1213**. O maaari mong tawagan, bisitahin, o sulatan ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar.

ANG IMPORMASYON NA ITO AY PANGKALAHATANG IMPORMASYON LAMANG. ARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG SA 1–800–772–1213 (TTY 1–800–325–0778), BISITAHIN ANG AMING WEBSITE (www.socialsecurity.gov) SA INTERNET, O MAKIPAG-ALAM SA TANGGAPAN NG SOCIAL SECURITY SA IYONG LUGAR.